



U.S. Citizenship and Immigration Services

Tagalog

CW-1 Visa: CNMI-Only Transitional Worker

Ang CNMI-Only Transitional Worker na klasipikasyong visa ay nagpapahintulot sa mga employer sa Commonwealth ng Northern Mariana Islands (CNMI) upang mag-aplay ng permisyon upang magbigay ng trabaho sa banyagang (nonimmigrant) na manggagawa na hindi karapat-dapat magtrabaho sa ibang kategorya ng manggagawang nonimmigrant. Ang klasipikasyong CW ay nagbibigay ng pamamaraan para sa transisyon mula sa dating CNMI na sistema ng permiso para sa banyagang manggagawa sa U.S. na sistema ng imigrasyon.

Ang klasipikasyong nonimmigrant na CW ay karaniwang patungkol bilang :

- CW-1: CNMI-Only transitional worker
- CW-2: Kamag-anak ng of CNMI-Only transitional worker

Mga Pangkalahatang Kinakailangan upang maging Karapat-dapat.

Mga Employer

Upang maging kwalipikado ang mga manggagawa na may katayung CW visa, ang mga employer ay dapat:

- Magkaroon ng lehitimong negosyo**
- Isaalang-alang ang lahat ng mayroon sa U.S. na mga manggagawa para sa posisyon.
- Mag-alok ng mga termino at mga kondisyon ng pagtatrabaho sa di pabago-bagong anyo ng negosyo ng employer sa CNMI.
- Magsumite ng kinakailangang mga porm upang kumuha ng mga transisyonal na manggagawa.
- Sumunod sa lahat ng mga pederal at mga kinakailangan sa CNMI kaugnay sa pagtatrabaho: Ang mga halimbawa ay kabilang ang walang diskriminasyon, kaligtasang pangtrabaho, at mga kinakailangan sa minimum na pasahod.
- Magbayad ng kaukulang halaga sa transportasyon ng indibidwal sa huling lugar na pinanggalingan ng banyagang indibidwal kung ang indibidwal ay di-boluntaryong tinanggal mula sa trabaho sa anumang kadahilanan bago magtapos ang panahon ng awtorisadong pagtanggap.

** Ang lehitimong negosyo ay itinuring bilang tunay, aktibo at komersiyal na pinatatakbo o entrepreneurial na isasagawa kung saan gumagawa ng serbisyo o mga kalakal upang tumubo, o pampamahalaan, Pangkawang-gawa, o iba pang mga kinikilalang balidong nonprofit na entidad. Ang negosyo ay kinakailangang matugunan ang legal na mga

pangangailangan sa pagnenegosyo sa CNMI. Ang negosyo ay hindi ituturing na lehitimo kapag ito ay direkta o di-direktang umaanib sa prostitusyon, o anumang aktibidad na di-legal sa ilalim ng Pederal o batas ng CNMI.

Mga manggagawa

Ang banyagang manggagawa ay maaaring iklasipika bilang CW-1 nonimmigrant sa panahon ng transisyon kung siya:

- Ay karapat-dapat sa anumang iba pang nonimmigrant na employment-based na katayuan sa ilalim ng U.S. na imigrasyong batas
- Ay makapapasok o mananatili sa CNMI upang magtrabaho sa kategorya na paghahanap-buhay na itinalaga bilang kinakailangang banyagang manggagawa upang matugunan ang residenteng lakas-paggawa
- Ay ang makikinabang ng petisyon ay inahain ng lehitimong employer na nagnenegosyo sa CNMI.
- Ay wala sa United States, maliban sa CNMI
- Ay legal na gumaganap sa CNMI kung nasa CNMI
- Ay kaya'y katanggap-tanggap sa Estados Unidos o ginawaran ng anumang kinakailangang waiver sa saligan ng di-pagtanggap.

Proseso sa Aplikasyon: Katayang CW-1 at CW-2

Mga Employer

Kung ikaw	Kinakailangan mo na	at
Ay pagpepetisyon sa isa o higit pang mga manggagawa na legal na nasa CNMI na may katayang pederal na nonimmigrant (hal. F-1 o H-1B)	Magsumite ng Porm I-129CW na may \$325 na bayad sa aplikasyon	Kinakailangan mong magsumite ng pinatutupad na “CNMI education funding fee” na \$150 halaga sa bawat makikinabang.
Ay pagpepetisyon para sa isa o higit pang mga manggagawa na legal na nasa CNMI na may permisong CNMI O may awtorisadong parol na iginawad ng USCIS o CBP	Magsumite ng Porm I-129CW na may \$325 na bayad sa aplikasyon	Kinakailangan mong magsumite ng pinatutupad na “CNMI education funding fee” na halagang \$150 sa bawat makikinabang. Sinuman sa iyo o sa manggawa ay dapat din na magbayad ng \$85 na bayad sa biometriks kung ikaw ay humihiling ng Pagkakaloob ng Katayuan sa CNMI.
Ay pagpepetisyon sa isa o higit pang mga manggagawa na humihiling ng konsular na pagproseso sa ibang bansa	Magsumite ng Porm I-129CW na may \$325 na bayad sa aplikasyon	Kinakailangan mong magsumite ng pinatutupad na “CNMI education funding fee” na halagang \$150 sa bawat makikinabang. Huwag magsumite ng bayad sa biometriks. A biometrics fee may be required by the Department of State when the worker applies for his or her visa abroad.
Ay humihiling ng ekstensiyon ng katayang CW para sa manggagawang nonimmigrant	Magsumite ng Porm I-129CW na may \$325 na bayad sa aplikasyon	Kinakailangan mong magsumite ng pinatutupad na CNMI education funding fee” na halagang \$150 bawat manggagawa.

Mga manggagawa

Banyagang manggagawa na naninirahan at nagtatrabaho ng legal sa CNMI

1. Upang makakuha ng katayuang CW ang iyong employer ay dapat magsumite ng mga sumusunod na dokumento:
 - **A Form I-129CW, Petition for a CNMI-Only Nonimmigrant Transitional Worker** with the application fee
 - A mandatory \$150 education fee
 - Pansuportang ebidensiya na nagpapatunay na ang impormasyon na ibinigay tungkol sa iyo, sa iyong employer at posisyon sa trabaho ay wasto at natutugunan ang mga batayan upang maging karapat-dapat

Kapag ikaw ay legal na nsa CNMI na may permisong CNMI o awtorisadong parol ng USCIS o CBP, ang employer ay dapat din magbiday ng kabayaran sa biometriks kasama ang petyon kung humihiling ng pagkakaloob ng katayuang CW-1 sa CNMI sa halip na pang ibayong-dagat.

2. Kadalasan kung saan ang mga direktang **kaloob na katayuan** sa CNMI ay hiniling, matapos na ang employer ay magsumite ng Porm I-129CW, anf USCIS ay makikipag-ugnayan sa iyong employer na nagpapayo na dapat kang pumunta sa USCIS Application Support Center sa TSL Plaza sa Saipan upang kuhaan ng iyong fingerprint at larawan. Ito ay upang hayaan ang DHS upang magsagawa ng kinakailangang seguridad na pagsugpo.
3. Kung ang iyong Porm I-129CW ay naaprobahan, Ang USCIS ay magpapadala ng pahintulot na babala sa iyong employer na magbibigay sa iyo ng kopya ng dokumento. Ang pahintulot na babala ay magsasabi kung ikaw ay pinagkalooban ng katayuang CW-1 sa CNMI (bilang ebidensiya sa pa nakalakip na Arrival-Departure Record Form I-94) kung saan maaari kang pumunta sa embahada o konsulada ng U.S. sa labas ng bansa upang magproseso ng iyong CW-1 visa.

Ang Banyagang nasyonal na manggagawa na naninirahan sa labas ng bansa at naghahanap ng trabaho sa CNMI

1. Ang iyong employer ay dapat magsumite ng lahat ng mga sumusunod na dokumentasyon:
 - **Ang Porm I-129CW, Petyon para sa CNMI-Only Nonimmigrant Transitional Worker** kasama ang bayad sa aplikasyon
 - Ang ipinatutupad na bayad sa edukasyon na \$150
 - Pansuportang ebidensiya na nagpapatunay na ang impormasyong ibinigay tungkol sa iyo, sa iyong employer at posisyon sa trabaho ay wasto at natutugunan ang mga batayan upang maging karapat-dapat
2. Kapag ang petyon ay naaprobahan, ang USCIS ay magpapadala ng pahintulot na babala sa iyong employer na nagpapakita na ang petyon para sa klasipikasyong CW-14 ay naaprobahan. Kinakailangan ng iyong employer na magpadala ng orihinal na pahintulot babala sa iyong tirahan sa labas ng bansa.

3. Pagkatapos mong matanggap ang pahintulot na babala kinakailangan mong humingi ng apoyntment para sa panayam sa nonimmigrant na visa sa **U.S. na Konsulada o Embahada** na malapit sa iyo.

Mga makikinabang na may Dependiyente

Ang mga dependiyenteng naghahanap ng pagkakaloob ng katayuang CW-2 sa CNMI ay maaring magsumite ng Porm I-539 sang-ayon sa petisyon ng employer na I-129CW para sa prinsipal na CW-1, sa oras na ang petisyong CW-1 ay maisumite ng employer. Habang ang dependiyente ay naghihintay hanggang sa ang petisyong CW-1 ay ipagkaloob, DAPAT legal silang nasa CNMI sa oras ng pagsusumite ng kanilang I-539 upang maging karapat-dapat sa pagkakaloob ng katayuang CW-2 sa CNMI. Ang ibig sabihin nito na ang iyong mga dependiyente ay kinakailangang magsumite ng I-539 bago maipagkaloob ang I-129CW upang manatiling karapat-dapat sa katayuang CW-2. Hindi pinahihintulutan ng katayuang CW-2 ang pagtatrabaho.

Kung	at	gayon
Makakukuha ka ng katayuang CW-1 sa pamamagitan ng pagpasok sa CNMI na may CW-1 visa o pagkatapos matanggap ang pahintulot na babala na may kalakip na I-94,	Ang iyong mga dependiyente (asawa at mga anak na may edad 18 pababa) ay legal na nasa CNMI,	Maaari silang magsumite: <ul style="list-style-type: none"> ● Ng aplikasyon sa Pagpapalit o Pagpapahaba ng Katayuan, Porm I-539 ● Ang bayad sa pagsusumite ● Ang bayad sa mga serbisyong biometriks ● Dokumentasyon ng iyong admisyon sa klasipikasyong CW-1 sa CNMI Kapag ang Porm I-539 ay naaprobahan, ang USCIS ay magpapadala sa iyong mga makikinabang ng pahintulot na babala na may I-94 bilang patunay na ang iyong Porm I-539 ay naaprobahan.
Makakukuha ka ng katayuang CW-1 sa pamamagitan ng pagpasok sa CNMI na may CW-1 visa o pagkatapos matanggap ang pahintulot na babala na may kalakip na I-94,	Ang iyong mga dependiyente (asawa at mga anak na may edad 18 pababa) ay nasa ibang bansa,	Maaari silang mag-aplay para sa CW-2 visa. Ang Kagawaran ng Estado sa U.S ay may magkabukod na bayad sa aplikasyon at bayad sa mga kinakailangan para sa mga aplikasyon ng visa .
Ikaw ay hinihiling na magproseso sa konsular ng iyong katayuang C1 sa Konsulada o Embahada ng U.S. sa labas ng bansa,	Ang iyong mga dependiyente (asawa at mga anak na may edad 18 pababa) ay nasa ibang bansa,	Maaari din silang mag-aplay ng CV-2 visa sa parehong oras. Ang Kagawaran ng Estado sa U.S ay may magkabukod na bayad sa aplikasyon at bayad sa mga kinakailangan para sa mga aplikasyon ng visa .

Tagal ng Pananatili

Ang katayuang CW ay balido sa loob ng isang taon. Dapat kang magpatalang muli para sa katayuang CW o kumuha ng iba pang INA nonimmigrant o immigrant na klasipikasyon upang legal na manatili sa CNMI.

Pagtatanggal sa Trabaho

Ang banyagang manggagawa na may katayuang CW nonimmigrant ay mawawala ang katayuang iyon kapag siya ay lumabag sa anumang mga termino o kondisyon na kaugnay sa katayuang CW. Kapag ang paglabag ay nagdulot lamang sa pagkakatanggal niya sa trabaho, gayunpaman, ang manggagawa ay hindi maituturing na nilabag ang kanyang katayuan, kung sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pangtanggap, ang manggagawa ay kumuha ng bagong trabaho at ang employer ay naghain ng petisyong para sa kanya, ngunit kapag ang manggagawa ay hindi lumabag sa anumang mga termino at kondisyon sa katayuang CW lamang.

Kapag nakakita ng bagong trabaho, ang bagong employer ay dapat maghain ng petisyon para sa banyagang manggagawa bago matapos ang 30 araw na palugit upang siya ay manatiling legal sa CNMI. Makapagsisimula lamang ang manggagawa sa pagtatrabaho sa bagong employer pagkatapos na ang employer ay maghain ng petisyon.

Kapag ang bagong petisyon ay hindi naisumite sa loob ng 30 araw, ang banyagang manggagawa ay dapat umalis sa CNMI at ang manggagawa ay ituturing na walang bisa ang katayuan sa petsa ng pagtanggap sa CW-1 na trabaho. Anumang petisyon na ihain ng manggagawa pagkatapos ng 30 araw na palugit ay kinakailangan ng aprobadong petisyon at ibinigay na CW visa ng konsulada sa labas ng CNMI bago bumalik ang banyagang manggagawa at magsimula sa bagong trabaho sa CNMI.

Paglalakbay

Sa oras na makakuha ng katayuang CW, maaari ka ng lumisan sa CNMI ngunit kinakailangan mo ng tamang visa upang makapasok muli sa CNMI. Kapag ang iyong katayuang CW-1 o CW-2 ay nakuha habang ikaw ay nasa CNI, ikaw ay bibigyan ng Talaan sa Pagdating-Pag-alis, Porm I-94 bilang dokumento sa katayuang CW. Gayunman, ang Porm I-94 lamang ay hindi balido upang makapasok muli sa CNMI. Sa makatwid, kinakailangan mong kumuha ng CV visa sa U.S. embahada o konsulada sa labas ng bansa bago bumalik sa CNMI upang makapag-aplay sa pagtanggap muli.

Ang Kagawaran ng Estado sa U.S ay may magkabukod na bayad sa aplikasyon at bayad sa mga kinakailangan para sa mga aplikasyon ng visa . Para sa higit pang impormasyon sa paglalakbay sa labas ng CNMI, maaaring tingnan ang [Department of State website](#).

Bilang may katayuang CW hindi ka makapaglalakbay sa anumang bahagi ng Estados Unidos, maliban sa nasyonal ng Pilipinas na maaaring maglakbay sa pagitan ng Pilipinas at ng CNMI sa pamamagitan ng Guam na paliparan.